

GO CARD PROGRAM

MALAWAKANG PANANAW

Tumutulong ang Go Card Program na sagutin ang mga gastusin sa transportasyon para sa mga kwalipikadong residente ng San Mateo County. Makakatanggap ang mga kwalipikadong kalahok ng \$200 na prepaid card na magagamit para sa mga kwalipikadong pagbili ng transportasyon.

May mga karagdagang programa ng diskwento para sa Clipper card at FasTrak® na maaari ding magamit. Tingnan ang seksyon ng Mga Madalas na Katanungan sa susunod na pahina para sa higit pang impormasyon.




PAANO AKO MAGIGING KWALIPIKADO?

Dapat ninyong matugunan ang sumusunod na tatlong kwalipikasyon:

**Residente
ng
San Mateo
County**

18+
Edad 18
o mas
matanda

**Kumikita ng \$88,260
o Mas Mababa**
Kumikita ng kita na nasa o mas mababa sa
60% ng Area Median Income (AMI) ng San
Mateo County (hal. \$82,260 para sa isang
indibidwal para sa 2025)



I-scan para sa
Program
Website

Español

繁體中文

Filipino

Tiếng Việt



PAANO MAG-ENROLL? MADALI LANG ITO!

Bisitahin o tawagan ang ka-partner sa komunidad namin para mag-sign up para sa programa. Kung kwalipikado ka, gagabayan ka nila sa mga hakbang para makuha ang iyong bagong prepaid card na magagamit sa mga kwalipikadong pagbili ng transportasyon.

Mahamanap mo ang kumpletong listahan ng Go Card Program partner organizations, kabilang ang kanilang mga lokasyon at impormasyon sa pakikipag-ugnayan, sa aming website:

<https://101expresslanes.org/enroll>

Kung may anumang tanong ka, makipag-ugnayan sa partner organization na malapit sa iyo o magpadala sa amin ng email sa info@101expresslanes.org



Programa na inihahatid sa inyo ng San Mateo 101 Express Lanes



Mga Madalas na Katanungan

Makikita ang kumpletong listahan ng Mga Madalas na Itanong sa aming website:
<https://101expresslanes.org/faqs>

Saan ko maaaring gamitin ang aking prepaid card?

Maaari mong gamitin ang iyong prepaid card para sa pampublikong transportasyon, mga express lane, toll bridge, paratransit, at pagrenta ng bisikleta o scooter. Gamitin ito bilang paraan ng pagbabayad sa Bay Area transportation providers tulad ng Clipper o FasTrak®, o gamitin ito para magbayad para sa mga serbisyo tulad ng mga scooter ng BayWheels at Lime. Subaybayan ang balanse ng iyong prepaid card gamit ang iyong online account. Tandaang hindi maaaring magdagdag ng pondo mula sa ibang sources sa prepaid card.



Ano ang mga kailangan ko para mag-apply?

Kailangan sa panahon ng pag-apply ang email address at mga dokumento upang i-verify ang iyong edad, tirahan, at kita. Kabilang sa mga tinatanggap na form ng pagkakakilanlan ang driver's licenses, mga pasaporte, green cards, military IDs, foreign IDs, at anupamang ibang government-issued IDs na may petsa ng kapanganakan mo.

Para sa patunay ng tirahan, kabilang sa mga tinatanggap na dokumento ang utility bills, bank o credit card statements, lease, employment letters, USPS documentation, at insurance o tax documents.

Ang pagiging kwalipikado ng kita ay maaaring i-verify sa pamamagitan ng pay stubs, tax forms, liham mula sa employer mo, o benefits letter. Kung wala ka ng alinman sa mga opsyon sa pag-verify ng kita, maaari kang pumirma ng self-declaration statement para patunayan ang iyong kita nang direkta sa application.

Kung may anumang tanong ka tungkol sa mga tinatanggap na dokumentasyon, makipag-ugnayan sa info@101expresslanes.org para magtanong. Upang panatilihin ang ligtas ang iyong personal na impormasyon, huwag magpadala ng dokumento sa email.





Paano kung wala akong email address?

Kinakailangan ng programa ang email address para sa eligibility verification, account management, at program notifications. Kung kailangan mo ng tulong sa pag-set up ng email account, makipag-ugnayan sa aming mga lokal na partner organization na maaaring tumulong.

Maaari bang makatanggap ng prepaid card ang higit sa isang tao sa isang sambahayan?

Oo. Maaaring makatanggap ng prepaid card ang maraming taong nakatira sa iisang sambahayan kung natutugunan nila ang mga kailangan sa pagiging kwalipikado sa Go Card Program. Tiyaking mag-apply nang magkakahiwalay.

Makakatanggap ba ako ng prepaid card sa koreo?

Kapag naaprubahan ka para sa Go Card Program, makakatanggap ka ng notification email na may link para ma-access ang iyong prepaid card account. Sa pag-log in, maaari mong piliin ang isang virtual o kaya pisikal na prepaid card. Inirerekomenda namin ang virtual prepaid card, dahil maaari mo itong i-activate at gamitin sa mismong araw. Maaaring umabot ng ilang linggo ang pisikal na prepaid card bago ito makarating sa koreo.

Ano ang gagawin ko kung kailangan ko ng tulong sa pag-activate ng prepaid card ko o kung ito ay nawala, ninakaw, o nasira?

Kung kailangan mo ng tulong sa pag-activate ng iyong prepaid card o kung may mangyari dito—gaya ng kapag nawala, ninakaw, o nasira ito—tingnan ang kasunduan sa cardholder para sa impormasyon ng suporta ng serbisyo sa customer. Maaari mo itong makita sa welcome kit na kasama ng iyong card, sa virtual o pisikal na welcome package.

Ano ang mangyayari kapag naubos ang \$200?

Kung natutugunan mo pa rin ang mga kailangan sa pagiging kwalipikado sa programa, maaari kang mag-apply ulit sa susunod na taon at magkaroon ng karagdagang pondong ilalagay nang direkta sa iyong kasalukuyang prepaid card.

Mag-e-expire ba ang aking prepaid card?

Oo. Mag-e-expire ang prepaid card pagkatapos ng tatlong (3) taon, kaya tiyaking gastusin ang lahat ng pondong mayroon bago ang petsa ng pag-expire.

Kung hindi ka gagamit ng isang na-activate na prepaid card sa loob ng 12 buwang magkakasunod, ibabawas sa balanse ang bayarin sa hindi pagiging aktibo buwan-buwan. Dagdag pa rito, kung hindi maa-activate ang isang prepaid card sa loob ng isang (1) taon ng pagkakatanggap, maaaring makansela ang mga pondo.





Paano kung nakatanggap na ako ng Clipper card o FasTrak® toll tag mula sa dating Community Transportation Benefits Program?

Ito ay bagong programa na pinondohan ng San Mateo US 101 Express Lanes.

Kahit na kamakailan kang nakatanggap ng benepisyo sa pamamagitan ng nakaraang Community Transportation Benefits Program, maaari ka pa ring maging kwalipikado para sa prepaid card sa ilalim ng bagong Go Card Program, hangga't natutugunan mo ang mga pangangailangan sa pagiging kwalipikado ng program. Makipag-ugnayan sa isa sa aming partner organizations para matutunan kung paano mag-enroll. Dahil isa itong bagong programa, kakailanganin mula sa lahat ng aplikante ang mga dokumento ng pagiging kwalipikado. Tiyaking ihanda ang lahat ng dokumento kapag nag-a-apply sa programa.

May iba pa bang programa ng diskwento sa transportasyon?

Oo, maraming mga regional program ang magagamit, kabilang ang mga diskwento mula sa Clipper at Bay Area FasTrak®.

Nag-aalok ang Clipper ng iba't ibang programang may diskwento sa pamasahang para sa mga kwalipikadong indibidwal. Para sa karagdagang impormasyon at online na aplikasyon, bisitahin ang clippercard.com/ClipperWeb/discounts.html. Para sa tulong, tumawag sa Clipper Customer Service Center sa (877) 878-8883.

Nag-aalok ang Express Lanes START ng 50% na diskwento sa mga toll para sa mga kwalipikadong sambahayan sa I-880 Express Lanes mula Oakland hanggang Milpitas. Makakahanap ka ng higit pang impormasyon at aplikasyon sa expresslanesstart.org/s/.

Maaari mong gamitin ang iyong prepaid card upang pondohan ang iyong Clipper START, Youth, Senior, o RTC/Access card, at Express Lanes START FasTrak® account para mas mapalawak ang halaga ng iyong mobility funds.

Paano pinopondohan ang programang ito?

Ang Go Card Program ay sinu-sponsor at pinopondohan ng San Mateo US 101 Express Lanes.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

-  info@101expresslanes.org
-  <https://101expresslanes.org/>

